

Safeguarding Kids Together (SKT) Fact sheet for parents and carers

Sama-samang Pangangalaga sa mga Bata

Katunayang pahina para sa mga magulang at tagapag-alaga

Tungkol sa Sama-samang Pangangalaga sa mga Bata (SKT)

Ang mga paaralan ay may isang hanay ng mga mapagkukunan para makatulong sa bawat estudyante na makamit ang kanilang mga potensyal. Ang SKT, na makukuha sa lahat ng pampublikong paaralan ng NSW, ay nagbibigay ng espesyalistang pagpapayo, suporta at mga programa sa mismong lugar upang matulungan ang mga paaralan na tugunan ang mataas-na- peligrong kaugalian ng mga estudyante. Ang SKT ay tumutulong sa:

- Pagbuo ng mga mapapabilang at naibabagay na kapaligiran ng paaralan.
- Matukoy ang mga estudyanteng madaling tablan at makapagbigay ng nararapat na suporta.
- Mamamahala at sumagot sa mga emerhensyang pangyayari.

Sama-samang magtatrabaho para masuportahan ang mga kabataan

Maraming mga bagay na sanhi ng pagiging madaling tablan ng mga kaugaliang mataas-ang-peligro, katulad ng panliligalig, pati na sa online; pisikal na karahasan o mga banta ng pisikal na karahasan; pananakit sa sarili; di-tamang paggamit sa droga at pakiki-ugnay sa kriminal at iba pang mga mapagpahamak na samahan.

- Kasama ng mga paaralan, ikaw ang nasa pambihirang katayuan na makakapansin sa mga malaking pagbabago sa pag-uugali ng iyong anak, at matulungan sila na makahanap ng suporta. Kung hindi mo napapansin ang mga pagbabago sa pag-uugali ng iyong anak, o kung ang iyong anak ay makikipagbahagi ng impormasyon sa iyo na nagbibigay sa iyo ng mga pag-aalala tungkol sa iyong anak, ang mga sumusunod na ideya ay maaaring makatulong:



Makinig nang mahinahon at pakinggan ang buong istorya. Hikayatin ang iyong anak na magsalita at sabihin sa kanila na ang paghingi ng tulong at payo ay okey.



Magtanong upang malaman ang mga detalye kung kailangan: sino, ano, saan, kailan. Tanungin sa iyong anak kung ano ang gusto nilang gawin. Maaaring hindi papayag ang iyong anak na makipag-usap ka sa kawani ng paaralan.



Pag-usapan ang ideya at tiyakin sa kanila na ang paghahanap ng tulong at payo mula sa paaralan ay makakatulong.



Magbahagi ng mga naaangkop na impormasyon sa paaralan. Gumawa ng tipanan na makipagkita sa guro ng iyong anak at kung kinakailangan ay kausapin din ang prinsipal.



Ilista ang mga tipanan sa paaralan at ang mga paraan para pagtutulongan ninyo upang malutas ang problema.



Ang pakikipagtulungan sa paaralan ang pinakamahusay na paraan upang malutas ang mga problema. Kung may malaki kang mga problema tungkol sa kaligtasan ng iyong anak, tumawag sa pulisya.



I Kagawaran ng Edukasyon NSW

Ang ilan sa pinakamalakas na pangprotekta sa mga kabataan ay ang tamang pakikipag-ugnayan at pakikisama sa pamilya, mga kaibigan at paaralan.

Ano ang mga paraan na matutulungan mo ang iyong anak?



Makialam at bigyan ang iyong anak ng mga pagkakataon na makikibahagi sa iyo sa mga impormasyon tungkol sa kanilang aktibidad sa araw-araw, ang kanyang mga kaibigan at buhay sa paaralan. Makakatulong ito sa pagkalap ng impormasyon kung saan pumupunta ang iyong anak, sino ang mga kasama, at kung ano ang mga ginagawa.



Hikayatin ang iyong anak na makisali sa mga aktibidad na nagbibigay sa kanya ng damdaming mapabilang at may pagtuonan ng kanilang mga interes. Halimbawa: mga isports, sining ng pagganap, libangan at organisadong mga grupo.



Maging may kamalayan tungkol sa internet (cyber) at intindihin ang mga benepisyo at peligro na kasali sa paggamit ng iyong anak ng mga gamit pang-elektroniko, katulad ng mga kompyuter, tablet (ipad) at mobile at tulungan ang iyong anak sa matalinong paggamit ng kanilang mga kagamitan.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa pagtulungan sa iyong anak na may mga ligtas at maligayang karanasan sa online, pumunta sa eSafety website sa [esafety.gov.au/](https://www.esafety.gov.au/)



Maging isang huwaran sa pagtatatag ng positibong pag-uugnayan at sa pagpapakita sa iyong anak kung paano tatasahing mabuti ang impormasyon.



Punain ang mga pagbabago sa kaugalian ng iyong anak at tulungan silang maramdaman ang ligtas na pakikipagbahagi ng kanilang mga kaisipan at damdamin sa iyo.



Hikayatin sa bukas at tapat na pag-uusap ang iyong anak upang matuto at maiintindihan nila ang punto ng pag-iisip ng ibang tao.

Makinig sa mga pag-aalala ng iyong anak at subukang intindihin ang kanilang pananaw. Kahit na hindi ka kumporme sa sinasabi ng iyong anak, mahalagang iparamdam sa kanila na tinatanggap mo pa rin sila at nandoon ka upang matulungan sila.

Para sa karagdagang impormasyon

Kung gusto mong dagdag na impormasyon, mangyaring tumawag sa inyong lokal na paaralan. Kung kailangan ang tulong ng isang interpreter para sa mga pagtatanong, mangyaring tumawag sa Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa inyong wika.

Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong tawagan at ang opereytor na ang kukuha ng isang interpreter sa linya upang matulungan ka sa pakikipag-usap. Hindi kayo magbabayad sa serbisyong ito.

Tingnan ang ilang nakakatulong na mga website

- Ang Beyond Blue ay nagbibigay ng impormasyon at suporta upang makatulong sa lahat na makamit ang pinakamahusay na kalusugan sa pag-iisip mula sa website na [beyondblue.org.au](https://www.beyondblue.org.au)
- Ang kontra- sa- pananakot na website ng NSW ay nagbibigay ng impormasyon sa mga kawani, estudyante at magulang upang mahadlangan at makatugon sa pananakot sa estudyante ay nasa [antibullying.nsw.gov.au](https://www.antibullying.nsw.gov.au)
- May mapagkukunan at patnubay sa kaligtasan tungkol sa pang-aabuso sa kalawakan (cyber) na makikita sa eSafety Commissioner website sa [esafety.gov.au](https://www.esafety.gov.au)

